Vol.09 Tagalog

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



2020.06

*** Maaring ma-kansela o magbago ang mga nilalaman dahil sa impluwensya ng novel coronavirus kaya mangyaring bisitahin ang website ng bawat article para sa mga detalye.**

## Ipinakikilala ang Ota City Youth Exchange Center “Yuits”






Ang Ota City Youth Exchange Center “Yuits” ay isang pasilidad na maaaring magamit para sa malawak na hanay na mga pang-grupong aktibidad tulad ng sports, musika, at iba-ibang exchange at pagsasanay. Bilang karagdagan, maliban sa grupong paggamit, maaari ding magpalipas ng gabi ang indibidwal sa mga Western-style na kwarto. Bukas din ang rest area sa pasilidad para sa kainan ng tanghalian mula 11:00 am - 3:00 pm (huling order ay 2:30 pm) Kung may nais pang malaman tungkol sa Ota City Youth Exchange Center “Yuits”, mangyaring bisitahin ang website nito.

| | |
|---|---|
| Tanggapan | Araw-araw mula 9:00 am - 8:00 pm Sarado tuwing Disyembre 29 hanggang Enero 3 ng susunod na taon. |
| Magkano | Nag-iiba ang bayad depende kung indibidwal o anong klaseng grupo. Mangyaring bisitahin ang website. |
| Ilang tao | Grupo ng 5 katao o higit pa. (Ang mga *Western-style* na kwarto ay maaaring tulugan ng isang tao o higit pa) |
| Paano mag-apply | Dalhin ang application form sa pasilidad (matatagpuan mismo sa pasilidad o sa website). o kaya ipadala ito sa pasilidad sa pamamagitan ng koreo. |
| Makipag-ugnay sa | Youth Exchange Center “Yuits” ( 4-chome-2-15, Heiwajima)<br>☎ 03-6424-5101 FAX 03-6424-5120<br>E-mail info@yuits.jp URL https://yuits.jp |

## Gamitin ang Community Cycle ng Ota City

Ang Ota City Community Cycle ay isang sharing service kung saan maaaring mag-renta at magbalik ng bisikleta sa lugar na iyong napili. Maaaring mag-renta at magbalik sa kahit anong share cycle port sa loob ng 10 ward ng Tokyo. Mayroong humigit-kumulang na 80 na port ang Ota City. Malaya itong magamit para sa pagpunta sa trabaho, pamimili, pamamasyal, atbp. (Kailangang mag-rehistro bilang miyembro upang makagamit)




| | |
|---|---|
| Kailan | Maaaring magamit 24 oras |
| Saan | Humigit-kumulang 830 na lokasyon sa Tokyo (Nasa mga 80 na lugar sa Ota City) |
| Magkano | 165 yen kada 30 minuto |
| Ilang tao | Ang isang naka-rehistrong miyembro ay maaaring gumamit ng isang bisikleta |
| Paano mag-apply | Mag-rehistro sa website |
| Saan mag-aapply | URL https://docomo-cycle.jp/ota/en/ |

# Gabay sa pagsumite ng current status report (genkyo todoke) para sa allowance para sa bata (jido-teate)

## Tungkol sa pagsumite ng current status report (genkyo todoke)

Upang patuloy na makakuha ng allowance para sa bata (jido-teate) at espesyal na allowance (toku-rei-kyufu) para sa mga batang 15 taong gulang pababa para sa buwan ng Hunyo at mga sumusunod na buwan, kinakailangang magsumite ng current status report (genkyo todoke). Magpapadala ng mga papeles sa unang bahagi ng Hunyo sa mga maaring makatanggap. Mangyaring i-sumite sa pamamagitan ng koreo hanggang sa katapusan ng Hunyo. Mangyaring tandaan na hindi maaring magsumite sa mga sangay na tanggapan.

## Petsa ng pag-deposit para sa Hunyo.

Ide-deposit sa Hunyo 9, 2020 ang allowance para sa Pebrero hanggang Mayo 2020.
*Maaring mahuli ng 2-3 araw ang pagpapadala ng pera depende sa pasilidad ng bangko.

## Allowance para sa bata (jido-teate) (Para sa mga kumikita ng mas mababa pa sa itinakdang kita)

| Edad ng bata | Halaga ng su-porta (buwanan) |
|---|---|
| 0 hanggang bago mag 3 taong gulang (lahat) | 15,000 yen ka-da buwan |
| 3 gulang hanggang bago makumpleto ang elementarya (Una at ikalawang anak) | 10,000 yen ka-da buwan |
| 3 taong gulang hanggang bago makumpleto ang ele-mentarya (ikatlo at pataas na anak) | 15,000 yen ka-da buwan |
| Junior high school student (Mula pagkatapos ng ka-nilang ika-15 na kaarawan hanggang sa unang Marso 31 matapos nilang maging 15 taong gulang) (Lahat) | 10,000 yen ka-da buwan |

* Mula sa mga pinakamatandang batang wala pang 18 taong gulang (Hanggang unang Marso 31 matapos ang kanilang ika-18 kaarawan) ay bibilangin bilang unang anak.

## Espesyal na allow`ance (tokurei-kyufu) (Para sa mga kumikita ng mas mataas pa sa itinakdang kita)

Mga batang hanggang nasa junior high school (Lahat)
...5,000 yen kada buwan

## I-sumite sa pamamagitan ng koreo

Mangyaring ilakip ito sa sobreng nakalaan para sa pagtugon (at mangyaring dikitan din ng stamp ang sobre)

**Saan mag-aaply Makipag-ugnay sa**

Children's Medical Care Section, Childcare Support Division
☎ 03-5744-1275 FAX 03-5744-1525 E-mail t-kod-ko@city.ota.tokyo.jp
URL https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/kodomo/teate/jidouteate/jidou.html

# Impormasyon tungkol sa tanggapan para sa konsultasyon tungkol sa edukasyon



- Nagbibigay kami ng konsultasyon sa telepono o sa personal tungkol sa edukasyon, personalidad, mga prob-lema sa pag-uugali o kapansanan sa pag-unlad ng inyong anak.
- Nagbibigay kami ng konsultasyon sa telepono o sa personal tungkol sa problema sa pang-araw-araw na buhay ng inyong anak tulad ng "pang-aapi (ijime)" at pakikipagkaibigan, kasama na rin ang mga problema sa pag-aaral o direksyong tatahakin nila.
- Depende sa sitwasyon ng inyong anak, maari kaming bumisita sa inyong bahay at magbigay ng impor-masyon tungkol sa welfare services atbp. at pakikipagtulungan sa mga kaugnay na organisasyon.

## Para Kanino

- Mga bata / estudyante at kanilang mga tagapag-alaga na maninirahan sa Ota City hanggang sa dulo ng compulsary education.
- Mga bata o estudyanteng nais sumali sa adaptation class na "Tsubasa"

## Paano kumonsulta

- Tumawag muna para sa aplikasyon at mag-iskedyul ng araw ng inyong pagpunta.
- Tumatanggap din kami ng mga konsultasyon sa telepono anumang oras.

*Mangyaring makipag-ugnay sa amin gamit ang wikang hapon. Kung kailangan ng isang tagasalin, mangyaring maagang makipag-ugnay sa amin.

## Araw at oras ng konsultasyon

Lunes - Biyernes 9:00 am - 7:00 pm
Sabado at Linggo 9:00 am - 5:00 pm
*Walang opisina tuwing pista opisyal at katapusan at simula ng taon

**Makipag-ugnay sa**

Education Center
Tanggapan ng konsultasyon tungkol sa edukasyon
☎ 03-5748-1201 FAX 03-5748-1390

# Hotline para sa mga karapatang pantao ng mga dayuhan

Nagkakaroon ka ng problemang may kinalaman sa karapatang pantao tulad ng hindi natanggap sa trabaho, inaapi ang anak sa paaralan, o kaya ay tinanggihan ang paglipat sa isang apartment dahil lamang sa ikaw ay isang dayuhan. Para sa mga dayuhang kinakaharap ang mga problemang ito, gamitin ang "Hotline para sa mga karapatang pantao ng mga dayuhan" ng Ministry of Justice. Maaring tumugon sa wikang Ingles, Intsik, Koreyano (South o North), Tagalog, Portugese at Vietnamese.

**Kailan** Lunes hanggang Biyernes 9:00 am - 5:00 pm (liban sa katapusan at simula ng taon)

**Saan** Tokyo Legal Affairs Bureau Kudan Common Government Office Bldg. No. 2, 1-1-15 Kudanminami, Chiyoda City

**Magkano** Libre

**Makipag-ugnay sa**
hotline para sa mga karapatang pantao ng mga dayuhan (Navi Dial)
☎ 0570-090911
URL http://www.moj.go.jp/JINKEN/jinken21.html

# Tungkol sa pagbabayad ng Resident's Tax

Ang ika-30 ng Hunyo ay ang deadline ng pagbabayad para sa unang bayaran ng Special City Resident's Tax and Metropolitan Resident's Tax. Mangyaring magbayad hanggang sa araw na ito. Ang deadline para sa ikalawang bayaran ay sa ika-31 ng Agosto. Mangyaring huwag kalimutang magbayad. Mangyaring bisitahin ang website ng Ota City para sa konsultasyon tungkol sa pagbayad ng tax.

**Makipag-ugnay sa**
Tax Payment Division
☎ 03-5744-1205 FAX 03-5744-1517
URL https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/zeikin/

# Tungkol sa safety & security e-mail notification service para sa mga residente

Ipapadala sa e-mail ng mga nag-rehistro ang mga notipikasyon ukol sa panahon / lindol / tsunami. Dadami na ang pag-ulan mula ngayon. Mag-rehistro na para sa mga panahong sakaling may mangyari.

## Anong klaseng impormasyon ang ipapadala?

① Kalagayan ng panahon — **Sa panahong nagpahayag ng babala o espesyal na babala sa loob ng Ota City tulad ng sumusunod:**

* "Babala": Ipinapapaalam sa lahat "Delikado! Mangyaring mag-ingat!"
Babala: Malakas na ulan, baha, bagyo, snowstorm, malakas na pag-snow (heavy snow), mataas na alon, pagtaas ng tubig (storm surge)
Espesyal na Babala: Malakas na ulan, bagyo, snowstorm, malakas na pag-snow (heavy snow), mataas na alon, pagtaas ng tubig (storm surge)

② Lindol — **Sa pagkakataong nagkaroon ng lindol na mahigit intensity 3 sa loob ng Ota City.**

③ Tsunami — **Sa panahong nagpahayag ng babala o espesyal na babala ng Tsunami at great Tsunami sa loob ng Tokyo Bay area**

**Para sa mga detalye, mangyaring bisitahin ang website ng Ota City.**

| | |
|---|---|
| Wikang Intsik | https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/chiiki/bousai/suigai/chinesemail.html |
| Wikang Koreyano (South at North) | https://www.city.ota.tokyo.jp /seikatsu/chiiki/bousai/suigai/hangulmail.html |
| Wikang Tagalog | https://www.city.ota.tokyo.jp /seikatsu/chiiki/bousai/suigai/tagalogmail.html |
| Wikang Ingles | https://www.city.ota.tokyo.jp /seikatsu/chiiki/bousai/suigai/englishmail.html |
| Wikang Hapon | https://www.city.ota.tokyo.jp /seikatsu/chiiki/bousai/suigai/multilingualmail.html |

## Paano mag-rehistro?

**[1] Magpadala ng blangkong e-mail (walang nakasulat) sa sumusunod:**
kumin-en@anzen.city.ota.tokyo.jp para sa wikang Ingles
kumin-ch@anzen.city.ota.tokyo.jp para sa wikang Intsik
kumin-ko@anzen.city.ota.tokyo.jp para sa wikang Koreyano (South at North)
kumin-ta@anzen.city.ota.tokyo.jp para sa wikang Tagalog

**[2] Mangyaring i-access ang URL na nakasulat sa ni-reply na e-mail at mag-rehistro ayon sa nakasulat na tagubilin sa screen.**

* Kung nagpadala ng blangkong e-mail at walang natanggap na ni-reply na e-mail:
- Ayusin ang settings upang makatanggap ng e-mail mula sa domain na "anzen.city.ota.tokyo.jp"
- Mangyaring ayusin ang settings upang makatanggap ng e-mail na may nakasulat na URL.

**Makipag-ugnay sa**
Disaster Preparation and Crisis Management Division
☎ 03-5744-1634 FAX 03-5744-1519
E-mail bousai@city.ota.tokyo.jp
URL
https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/chiiki/bousai/bouhan/anzenmail.html

# Impormasyon tungkol sa "Eigo Ehon Ohanashi-Kai"

Magbabasa ang mga volunteers mula sa grupong "Lupines" ng mga picture book sa wikang Ingles, makikipaglaro gamit ang mga kamay at mag-aawitan. Magbibigay kami ng kapaligirang magpapalawak ng puso sa pamamagitan ng pagkasanay sa wikang Ingles gamit ang mga picture book.



| | | | |
|---|---|---|---|
| Kailan | Ika-4 na sabado bawat even na buwan mula 11:00 am. | Ilang tao | 50 na katao |
| Saan | Ikegami Library | Paano mag-apply | Hindi kinakailangan |
| Magkano | Libre | Makipag-ugnay sa | Ikegami Library (3-chome-27-6 Ikegami)<br>☎ 03-3752-3341　FAX 03-3752-9749 |

# Pagpapakilala ng mga libro sa mga dayuhan

Mayroong ang Omoriminami Library ng "Taishukan Japanese Readers" (Nihongo Tadoku Books) na mula sa NPO Tadoku Supporters. Ito ay mga librong nakasulat sa wikang Hapon na may iba't ibang antas ng kahirapan. Maiiksi ang mga storya at may kasamang audio kaya naman inirerekomenda namin ito sa mga nag-aaral ng wikang Hapon. Maraming libro na nakasulat sa wikang Intsik at wikang Koreyano dito sa library. Nadagdagan din ang mga bagong libro sa library noong Abril.






Ang Omoriminami library ay may nakahandang "Pocketalk", isang translation device na gumagamit ng boses. Kahit ang mga nahihirapang makaintindi o makapagsalita ng wikang Hapon ay maaring gamitin ang library.




## Huwag mag-atubiling bisitahin ito.

Ang mga library sa Ota City ay hindi lamang nagtataglay ng mga aklat na nakasulat sa wikang Hapon kundi pati rin ng mga librong nakasulat sa wikang banyaga. Mula sa mga nobela at textbook para sa mga karaniwang mambabasa hanggang sa mga picture books para sa mga bata, iba-ibang klaseng libro ang matatagpuan sa library kaya huwag mag-atubiling gamitin ito.

| | |
|---|---|
| Makipag-ugnay sa | Omoriminami Library (1-17-7 Omoriminami)<br>☎ 03-3744-8411<br>FAX 03-3744-8421<br>URL　https://www.lib.city.ota.tokyo.jp/ |

Inisyu ng　Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-8621 5-chome-3-14 Kamata, Ota City　☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323